# 99TH ANNIVERSARY

Sa isang malamlam na silid, nagtipon ang malaking grupo ng mga taong nakasuot ng itim na toga. Nakasuot ng magkakaparehong maskara ang bawat naroon. Hitsura iyon ng isang demonyo.

Tanging isang malaking sulo lang sa unahan nila ang nagbibigay-tanglaw sa buong silid.

Nakatayo lamang ang lahat habang umuusal ng pabulong na orasyon. Dikit-dikit sila habang nakaharap sa dambana.

May isang nakadapang tao sa harapan. Siya ang tumatayong pinuno sa grupong iyon. Matagal siya sa ganoong posisyon hanggang

sa tumayo na at humarap sa kanyang nasasakupan. Tumigil naman bigla ang mga kaanib sa pag-usal ng orasyon.

"Malapit na ang kaarawan ng ating Panginoong Saturnino. Kailangan nating maghanda," may awtoridad na sabi ng pinuno. "Handa na ba kayong mangaso ulit?"

"Opo, pinuno!" korong tugon ng lahat.

"Kung ganoon, simulan na natin ang palabas!" Humarap muli siya sa dambana at humalakhak.

Nagsihubad ang bawat naroon ng kani-kanyang maskara at itim na toga. Kahit may kadiliman sa silid na iyon, lumantad ang totoo nilang katauhan. Halos lahat ay nakauniporme depende sa kanilang trabaho—may waiter, may janitor, salesman, cashier, at marami pang iba. Ang iba naman ay mukhang mayaman dahil sa mamahaling kasuotan. Hindi mo aakalaing miyembro sila ng isang kultong pinalayas mula sa bundok ng Ambulong.

Lahat sila ay magtatrabaho sa isang cruise ship. Ang iba naman ay nagpapanggap lang na mga bisita roon.

Nagsilabasan na sila ng silid na iyon upang pagsilbihan na ang kanilang mga totoong bisita.

Akala siguro ng gobyerno, nabuwag na sila

nang palayasin sila noon sa kanilang munting komunidad sa kabundukan ng Ambulong. Ang hindi alam ng karamihan, nagtatago lamang sila at nagpapatuloy sa kanilang paniniwala.

Si Saturnino ang kanilang founder. Isa siyang mayaman at sikat na businessman ng bansa. May-ari siya ng kilalang cruise ship line company. Pilit na pinalayas ang mga kaanib sa itinayo niyang kulto. Marami kasing naghihinala lalo na ang mga taga-karatig bayan na sila ang dahilan ng pagkawala ng mga bata sa lugar nila. At may nakakita pa mismo na isinasako ng isang kasapi nila ang isang bata. Iyon ang nagtulak sa mga tagaroon para palayasin sila.

Naghanap sila ng malipatan ngunit wala silang makita, kaya napag-isipan na lang ni Saturnino na gumawa ng isang espesyal na silid sa isa sa kanyang mga barko. Doon sasamba sa kanya ang mga tagapanalig niya.

Ginawang diyos ni Saturnino ang kanyang sarili. Ang bawat luluhod sa kanya at sasamba ay bibigyan niya ng kayamanan. Bago siya pumanaw, pumili muna siya ng mamumuno sa itinatag niyang kulto para kahit wala na siya, may magpapatuloy pa rin nito.

Bago nalagutan ng hininga si Saturnino, may hiniling siya sa kanyang napiling mamumuno, at ang kahilingang iyon ay

ginagawa nila taun-taon sa araw mismo ng kaarawan niya.

Lumipas ang maraming taon at patuloy ang kanilang samahan kahit patago pa. Nakailang palit na rin ang namumuno pero ang kahilingan ng kanilang panginoon ay nananatiling buhay taun-taon.

Marami na ang nawawalang pasahero ngunit tila walang aksyon ang mga crew ng isang pangmayamang cruise ship sa mga nangyayari.

Nasa gitna sila ng malawak na karagatan at imposibleng hindi makita ang mga nawawala kung sakaling naligaw man ang mga iyon dahil sa kalakihan ng cruise ship. Siguradong nasa barko lang ang mga missing persons.

Tinatayang aabot hanggang limang libo katao ang sakay ng barko kasama na ang kapitan at ang mga crew. Nasa barko na ang lahat na kakailanganin ng mga mayayamang pasahero, wala na silang ibang hahanapin pa. Mayroong hotel, may restaurants, may mini-market, may mall, may sports complex, basketball court, swimming pool, bar, cinemas, ATM, at ang pinaka-highlight ay ang mga exotic street foods.

Araw man o gabi, buhay na buhay ang

cruise ship habang naglalayag sila sa gitna ng karagatan. Nadaig pa nila ang *Titanic*.

Honeymoon ng bagong mag-asawang Grace at Jigs, kaya naman napag-isipan nilang doon mag-honeymoon sa sikat na cruise ship.

Isang linggo na silang naglalayag sa karagatan. May nadaanan na rin silang lugar tulad ng Spain at Paris. At marami pa silang bansang gustong mapuntahan sa one month nilang paglalayag, ayon sa schedule na ibinigay sa kanila ng crew ng barko.

Ngunit kanina pa nagtataka si Grace kung bakit hindi pa nakabalik si Jigs. Ang paalam nito kanina ay pupunta lang ito sa CR. Halos kalahating oras na ang lumipas ngunit hindi pa rin ito bumabalik sa kinuha nilang table.

Nilisan ni Grace ang mesa at tinungo ang CR ng mga lalaki. Sa may pintuan nito, tinawag niya ang pangalan ng asawa subalit walang sumagot sa kanya. Siguro nga ay wala talaga roon. Tinitingnan na rin siya ng mga lalaking nandoon.

Bumalik na lang si Grace sa kinuha nilang room. At nagbakasakali siyang nauna nang bumalik ang asawa roon upang magpahinga.

*Bakit hindi man lang tumawag o nag-text?* usal niya sa isipan.

Pagdating niya sa harap ng pinto, naalala niyang nasa kanya nga pala ang keycard.

Kaya imposibleng makapasok ang asawa niya sa loob.

Gayunpaman, binuksan pa rin ni Grace ang pinto upang tiyaking wala nga roon si Jigs. Wala nga.

*Nasaan kaya siya?*

Hinugot niya ang cellphone sa bulsa at tinawagan ng numero ng asawa. Nagri-ring naman ito ngunit walang sumasagot. Namatay sandali. Tinawagan niya ulit ngunit sa pagkakataong ito, hindi na niya ito ma-contact.

May duda na siyang may ibang kasama ang babaero niyang asawa. Kahit bagong kasal lang sila, hindi nawawala sa isip niya ang pagdududa ang asawa.

"Jigs, inatake ka na naman ng kalandian mo, ha!" singhal niya.

Humiga siya sa kama. "Bukas magpapakita ka ring hinayupak ka! Humanda ka!"

Nakaidlip na si Grace nang marinig niya ang malakas na busina ng barko. Tila nagpapahiwatig ito na may nangyayari sa labas.

Sandali pa ay ginulat siya ng sunud-sunod na katok sa pinto. Sa kanyang hinuha ay si Jigs na iyon dahil wala namang ibang kakatok pa roon.

Tumayo siya at akma sanang bubuksan

ang pinto nang maulinigan niya ang mga nagsisigawan sa labas. Tila sigaw iyon ng sobrang hilakbot!

Nagpatuloy ang pagkatok. Hinihintay lang niya na magsalita si Jigs buhat sa labas ngunit wala siyang narinig na boses ng asawa. Isa lang ang ibig sabihin niyon, hindi si Jigs ang kumakatok.

Binayo agad siya ng kakaibang takot.

Mayamaya pa ay pilit nang sinisira ang knob ng pinto. Kaya naman, mabilis nagtago sa ilalim ng kama si Grace. Kung sinuman ang mga iyon, sigurado siyang may masamang balak ang mga iyon sa kanya.

Pigil ang kanyang hininga. Narinig niyang nabuksan na ang pinto. Nakita niya ang mga paang pumasok sa kuwarto. Pero mas nagulat siya sa espadang hawak ng pumasok, may bahid ng dugo ang dulo ng talim niyon. Ibig lang sabihin, may patayang nangyayari sa labas.

“Walang tao rito,” dinig niyang sabi ng isa. Mabuti na lang at hindi nila naisipang sumilip sa ilalim ng kama.

Nakita ni Grace na nagsilabasan na ang mga tao sa kuwartong iyon.

Inulan agad ng maraming tanong ang isipan niya. Ano ba ang nangyayari? Natatakot man ngunit determinado siyang tuklasin ang

totoo.

Sino ang mga taong iyon? Ano ang kanilang pakay?

Lumabas ng kuwarto si Grace. Gusto niyang alamin ang nangyayari sa labas.

Nagimbal siya sa nakita. Naglipana ang maraming patay kahit saang sulok ng cruise ship. Hindi siya makapaniwalang nangyayari ito ngayon.

Mayamaya pa ay may naulinigan siyang papalapit sa kanya. Naghanap siya ng puwedeng gawing pamalo at isang palakol ang kanyang nakita, siguro naiwan ng isa sa mga mamamatay-tao. Kumubli siya sa isang sulok. Sakto namang may salamin sa harapan niya na makikitaan ng repleksyon ng paparating ngunit hindi siya nito makikita.

Nakita niya roon ang isang taong may dalang espada. Nakasuot iyon ng itim na toga at may maskara pa na may mukha ng demonyo.

Nang sumapit na ang taong iyon sa kinaroroonan niya, hindi siya nagdalawang-isip na itaga sa ulo nito ang palakol. Duguang humandusay ang tao sa sahig. Wala nang buhay. Hinila niya iyon sa isang kuwarto at hinubaran. Magpapanggap siyang isa siya sa mga nakamaskara.

Nang maisuot na niya ang toga at maskara,

lumabas na siya sa kuwarto dala ang duguang espada.

Tamang-tama at nagtitipon-tipon ang mga iyon sa rooftop ng cruise ship. Lahat ay nakatogang itim at nakamaskara. Siguro ay hindi siya makikilala ng mga iyon.

Nalaman agad ni Grace na isang kulto ang grupo. Dahil sa dami nila roon, halos mapuno na ang rooftop ng cruise ship.

May isang lalaki sa harapan nilang lahat. Wala itong maskara. Ito yata ang namumuno sa grupo.

"Maligayang kaarawan sa ating Panginoong Saturnino!" hiyaw nito sabay taas ng kamay sa ere.

Naghiyawan din ang lahat.

"Mahal na panginoon, nagawa na po namin ang iyong kahilingan tuwing kaarawan mo. Iyon ay ang pumatay ng mga taong hindi kaanib sa ating grupo!"

*Baka sila rin ang dahilan ng mga nawawalang pasahero?* tahimik na tanong ni Grace sa sarili.

Narinig niya kasi noong isang araw ang isang babae na hinahanap ang anak. First day pa lang pala ng paglalayag ay may patayan nang nagaganap.

"Purihin ang Panginoong Saturnino! Purihin!" Iyon ang naging tugon ng mga

kaanib. Nakisali na rin si Grace upang hindi mahalatang nagpapanggap lang siya.

Nagpatuloy ang lalaking walang maskara, “Dahil ngayon ang pangsiyamnapu’t siyam na anibersaryo ng tradisyong ito, dalhan ninyo ako rito ng siyamnapu’t siyam na ulo ng taong pinatay natin. Nararapat lang na bigyan natin ng alay ang ating panginoon!”

Mabilis kumilos ang mga nakamaskara at ilang minuto lang ang lumipas ay dala na nila ang siyamnapu’t siyam na ulo ng mga tao. Nilapag nila ang mga ito sa harapan.

“Tanggalin natin ang ating mga maskara at magbigay-galang sa ating panginoon!” utos ng namumuno.

Ganoon nga ang ginawa ng lahat maliban sa dalawang tao. Isa roon ay si Grace. Kapag tinanggal niya ang maskara, siguradong mabubuko siya.

Ngunit may isa pang hindi rin nagtanggal ng maskara. Isa rin ba itong impostor?

Napansin ng namumuno ang dalawang hindi sumunod sa utos niya. “Dalhin sila rito sa harapan at pugutan ng leeg!” galit na galit na sigaw ng namumuno.

Agad na natakot si Grace. Heto na siguro ang kanyang katapusan.

Kinaladkad nga sila papunta sa harapan.

“Tanggalin ang kanilang mga maskara!”

utos ng namumuno.

Kahit ano ang gawin nilang palag, wala silang nagawa nang pagtulungan sila.

At kapwa sila nabigla nang maalis ang maskara.

“Grace!” gulat na wika ng lalaki.

“Jigs!” tugon din ni Grace. Niyakap niya agad ang asawa.

“Tama na ’yan, mga lapastangan! Sinira ninyo ang aming seremonya kaya dapat lang kayong mamatay!” sigaw ng namumuno.

“Kamatayan!” hiyaw ng lahat.

Bakas ang takot sa mukha ng mag-asawa ngunit handa na silang mamatay kung hanggang doon na lang ang kanilang buhay.

“Grace, sa huling pagkakataon. gusto kong malaman mong mahal na mahal kita. At sorry dahil hindi ko agad naipagtapat sa ’yo na isa akong miyembro ng terorista.”

Bahagyang nagulat si Grace. Walang salitang namutawi sa kanyang bibig, masaganang bumagsak ang luha mula sa mga mata niya. Dumistansya siya sa asawa.

“Patayin n’yo na ako!” pakiusap niya sa isang lalaking may hawak na espada.

At dahil doon, bigla na lang gumulong sa sahig ang pugot na ulo ni Grace.

“No!” puno ng galit na sigaw ni Jigs. Pinunit niya ang itim na toga at tumambad sa

mga iyon ang bombang nakadikit sa katawan nito. Iilang segundo na lang ang natitira sa oras at sasabog na iyon.

"Bomba!" hiyaw ng nakakita. Kaya naman nagsitakbuhan ang lahat.

"Mga demonyo kayo! Sabay-sabay tayong pupunta sa impiyerno! Kaya ba kayong iligtas ng diyos ninyo? Ngayon ninyo patunayan 'yan, mga hayup kayo!" Humalakhak si Jigs habang pinagmamasdan ang mga kaanib ng kulto na tarantang-taranta sa paghahanap kung saan sila puwedeng magtago.

Lumipas ang ilang segundo, dumagundong ang malakas na pagsabog sa cruise ship.

Kinabukasan, headline sa mga diyaryo ang tungkol sa luxury cruise ship na sumabog sa gitna ng dagat. Wala ni isang nakaligtas doon.

# ONE GORY NIGHT

Alas seis pa lang ng gabi, paunti-unti nang nagdadatingan ang mga estudyanteng naka-halloween costumes sa *Hill University*.

Nakaguhit ang tuwa sa labi ng bawat isa, halatang excited sa gaganaping party sa campus nila.

Kanya-kanyang paandar ang mga estudyante sa kanilang mga costume at props. May sobrang nag-effort, gaya na lang ng isa na nakahiga sa isang totoong kabaong na nilagyan ng gulong at itinutulak ng kabarkada. Ang iba naman ay simple lang pero sobra ding nakakikilabot ang mga itsura. Kung

makakasalubong ito sa daan sa hatinggabi ay sigurado mapapatakbo ang kahit sino.

Eksaktong alas ocho ng gabi nagsimula ang halloween party. Masayang nagsisigawan at nagkakantahan ang lahat sa saliw ng musika.

Hindi nila namalayan ang pag-usad ng mga oras. Ang ilan ay mga lasing na at nakatulog na lang sa kinauupuan kahit ipinagbabawal ang nakalalasing na inumin sa loob ng campus. Samantalang ang ilan naman ay masaya pa ring sumasayaw sa gitna kahit pawisan na.

Wala silang balak umuwi at parang gusto pang magpaabot ng umaga roon.

Sandaling tumigil ang nakabibinging musika. Natigilan din ang lahat. Nakatuon ang paningin ng bawat isa sa stage.

Biglang nagsalita ang boses ng isang lalaki sa mikropono. Maaring isa siya sa mga member ng committee ng event na iyon.

"Good evening, guys. Happy halloween!" sigaw nito.

Kasunod niyon ay ang sigawan ng mga naroroon.

"Enjoy the night, guys. Do what you want basta walang away na mangyayari. Understood?" patuloy ng lalaki sa stage.

"Yeah!" sabay na hiyaw ng mga kabataan.

"I just want to let you know that this party is until morning. So walang uwian!"

Muli ay tumunog na naman ang mga musikang gustung-gusto ng mga kabataan.

"Ayos 'to!" sigaw ni Jhoms sa katropa.

"Oo nga, p're!" tugon ni Rudolf.

Nakangiti lamang sina Enerlan at Everett. Mukhang sang-ayon din sila sa katropa.

Silang apat ay naka-costume ng bampira. Nakikisayaw na rin sila sa gitna kasama ang karamihan.

"Nasaan pala ang pinsan mo, p're? Bakit wala siya rito?" tanong ni Jhoms kay Rudolf. Ang tinutukoy nito ay si Jerwin. Magkapatid kasi ang mga mama nina Rudolf at Jerwin.

"Nasa bakasyon, p're. Sa Boracay raw," sagot nito.

Mayamaya, biglang nag-brown-out. Medyo nagkagulo sa paligid. Ang bawat isa ay kanya-kanyang bukas ng kanilang cellphone. Pandaliang tumigil muna ang kasiyahan.

Mula sa kung saan direksyon, may boses silang narinig. Malalim ito at nakatatakot.

"Ito ang totoong halloween. Magtago na kayo... tumakbo at sumigaw..." Tumawa pa iyon na parang demonyo.

May mga natakot, karamihan ay mga babae. Pero ang mga lalaki ay naghiyawan pa dahil gustung-gusto nila ng ganoong

katatakutan. Iniisip kasi nilang kasama iyon sa programa ng party na iyon.

Sandali pa ay may pumailanglang na putok ng baril. Isang lalaking estudyante ang tinamaan ng bala. Kumisay-kisay siya sa sahig at nalagutan agad ng hininga.

“Let the party begin!” sigaw ulit ng boses.

Nalilito ang karamihan sa nangyayari. Totoo ba ang pamamaril o kasama pa rin iyon sa pakulo? Hindi nila alam ang sagot.

“Mamamatay kayong lahat ngayong gabi!” Tumawa ulit ang mala-demonyong boses na iyon.

Doon na naalarma ang lahat. May killer sa party na iyon at ang misyon nito ay ang paslangin ang bawat isang naroroon.

Nagkagulo na ang mga estudyante. Ang kanilang sigaw ay hindi na kasiyahan kundi napalitan na ng takot na baka sila na ang susunod na bumulagta sa sahig.

Sino kaya ang killer?

Ang tropa nila Jhoms ay nagplanong hulihin ang killer. Pero kailangan muna nilang mabuksan ang ilaw. May duda kasi silang hindi naman totoong nag-brown-out. Sinadyang patayin ng kung sino ang breaker ng kuryente.

Ang bawat isang naroroon ay nagkanya-kanyang takbo at tago. Kung maaari ay

tumakas at lumabas na sa campus. Ngunit naka-lock ang gate. Hindi rin puwedeng akyatin ang pader sa sobrang taas nito.

Nahanap ng magtropa ang main switch at itinaas iyon. Biglang bumaha ang liwanag sa buong paligid.

Lalong nagimbal ang lahat sa kanilang nasaksihan. Marami na palang namatay! Ang ilan ay nasaksak. Mayroon ding nataga at nasakal ng kadena sa leeg.

Nag-iyakan ang mga babaeng nakakita ng karumal-dumal ng eksenang iyon. Ang ilan ay nahimatay pa nga.

Mayamaya pa, may biglang tinamaan ng sibat sa dibdib at namatay ito agad. Muling nabulabog ang mga estudyante.

Agad na pinuntahan ng tropa ang pinanggalingan ng sibat. Sa hinuha nila ay nagmula ito sa second floor ng STEM Builing. Ngunit wala na silang naabutan pa roon.

Sa kabilang kuwarto, may narinig silang lagabog. Nagsitakbuhan sila patungo roon.

Marahang binuksan ni Enerlan ang pinto ng classroom kung saan may narinig sila kanina. Ngunit isang palakol ang sumalubong dito. Huli na para makailag, kaya nabiyak ang mukha nito na naging sanhi ng kamatayan nito.

Nakita ng tatlo ang nangyari kay Enerlan.

Napatda sila. Nagulat. Hindi nila alam ang gagawin.

Ngayon ay mas naging desidido silang patayin ang pumatay sa tropa nila.

Binunot ni Jhoms ang palakol sa mukha ni Enerlan. Gusto niyang siya ang makapatay sa killer.

Sina Everett at Rudolf naman ay naghanap ng pamalo at nakahanap sila ng mga walis tambo sa isang sulok.

Pumasok si Jhoms sa kuwarto. Naabutan niyang nakaupo sa gitna ng silid ang nakamaskarang tao. Nakatalikod ito sa kanya.

Tumakbo siya patungo rito habang inaamba ang palakol na ipangtatagpas sa ulo nito. Pero bago pa siya nakalapit, isang putok ng baril ang pumailanglang. Mula iyon sa killer at binaril nito si Jhoms nang tatlong beses. Wala na siyang buhay bago pa natumba sa sahig.

Ang dalawa namang magkaibigan ay nagtago sa likod ng pintuan. Hihintayin nila ang paglabas ng killer. At sa paglabas nito, doon na lang nila babanatan ng palo sa pamamagitan ng hawak nilang tambo.

Kaya paglabas na paglabas ng taong nakamaskara, sinalubong ito ni Rudolf ng palo sa ulo. Bumulagta na sa sahig ang killer pero hindi pa rin huminto si Rudolf sa pagpalo

at tumulong pa si Everett.

Patay na ang killer dahil hindi na humihinga at gumagalaw. Wasak na ang ulo nito. Kinuha ni Rodulf ang maskara para malaman kung sino ang taong iyon. Halos matulala sila sa kanilang nalaman.

"'Insan!" gulat na sambit ni Rudolf.

"Jerwin!" turan naman ni Everett.

Ang killer ay ang tropa nilang si Jerwin na inakala nilang nasa Boracay nagbabakasyon.

Nagsimula nang umiyak si Rudolf. Nakokonsensya siya kasi siya ang pumatay sa pinsan niya.

Mayamaya pa, bigla na lang bumulagta sa sahig si Everett. May tama siya ng sibat sa likod.

Mabilis na tiningnan ni Rudolf ang pinagmulan ng sibat. Naroon si Jerwin at may hawak na palaso habang nakangiti. Ibinalik niya ang paningin sa nakahandusay na bangkay ngunit wala na iyon roon.

Hindi na niya nakayanan ang mga nangyayari kaya bigla na lang nilamon ng dilim ang buo niyang pagkatao.

Laman ng balita ang massacre na nangyari sa *Hill University* kinabukasan.

Isa lang ang survivor, si Rudolf lang. Hindi

siya makausap nang matino kasi hanggang ngayon ay malinaw pa rin sa kanyang isipan ang mga nangyaring patayan sa school. Nagmumukmok lamang siya sa isang sulok. Paulit-ulit niyang sinasabing pinatay niya ang kanyang pinsan na si Jerwin. “Pinatay ko siya. Pinatay ko siya.”

Ngunit taliwas sa kanyang sinasabi, buhay si Jerwin at nasa bakasyon pa sa Boracay.

Ni-review ng mga pulis ang mga CCTV sa buong campus. Kahindik-hindik ang mga napanood nila. Nahagip din ng CCTV ang mukha ni Jerwin habang sinasaksak nito sa likod ang isang estudyante.

Siya ang idinidiin na responsable sa pagpatay sa mga estudyante sa *Hill University*.

Pagdating ni Jerwin galing bakasyon, sa kulungan agad ang kanyang bagsak.

“Ano po’ng akong kasalanan, sir? Wala po akong alam sa sinasabi ninyo?” pangangatwiran niya.

Totoo ang mga sinasabi ni Jerwin, na nasa bakasyon siya at patunay ang mga posts niya sa *Facebook*. At hindi niya kayang pumatay ng tao.

Ngunit siya ang nakita sa CCTV. Isa iyong konkretong ebidensya na siya ang killer.

“Hindi ako ’yan! Hindi!”

Pero tapos na ang imbestigasyon. Pati si

Rudolf ay siya ang itinuturong pumatay sa mga estudyante nang gabing iyon.

Halos mabaliw si Jerwin sa mga nangyayari. Nakulong siya sa kasalanang hindi niya nagawa.

“Inosente ako! Wala akong kasalanan! Wala akong pinatay!”

Biktima siya ng doppelganger. Magdurusa siya sa panghabambuhay na pagkakakulong sa piitan dahil sa kasalanang hindi niya nagawa. Wala siyang kasalanan. Ginamit lang ng demonyo ang kanyang mukha!

Biktima rin siya!

# PUSANG ITIM

Nagmamadali si Alas habang nagmamaneho ng kanyang sasakyan. Kanina pa kasi siya tinatawagan ng kasintahan, late na naman siya sa kanilang meeting sa organizer na kinuha para sa nalalapit na kasal. Siya na lang ang hinihintay sa isang restaurant.

Galing pa kasi siya sa meeting din kaya siya na-late.

Mayamaya pa ay narating niya ang isang sosyal na restaurant. Pagkatapos mag-park, pumasok agad siya at hinanap ang mesa kung saan nakaupo ang kanyang nobya at ang organizer.

Nakita niya sa bandang dulo ang dalaga. Tumungo siya roon. Ang lugar na iyon ay overlooking sa isang garden.

"Sorry, I'm late," sabi niya pagdating. Humalik agad siya sa pisngi ni Jonah, ang kanyang girlfriend.

Tila may pinag-uusapan ang dalawa bago siya dumating at umupo sa tabi ni Jonah, ngunit pinutol na nila iyon.

"Okay, Sir. Simula na po tayo?" magalang na tanong ng organizer.

"Yes," tugon niya.

Pinag-usapan na nga nila ang tungkol sa gaganaping kasal at natapos iyon nang may magandang plano. Gaganapin ang kasal sa isang beach resort.

Pagkatapos ng meeting, nagpaalam na ang organizer at naiwan ang magkasintahan.

Mula kanina, hindi pa rin umiimik si Jonah. Napansin naman iyon ni Alas. Matampuhin kasi talaga ang girlfriend niya.

Hinawakan niya ito sa kamay. "Sorry na. Alam mo namang importante rin ang pinag-usapan namin ni Mr. Sue, eh."

Inirapan lang siya nito habang nakanguso, hindi pa rin nagsalita. Pinabayaan muna niya ito. Mayamaya ay bigla itong yumakap naman sa kanya.

Nabigla si Alas. Akala ba niya, nagtatampo

ang girlfriend sa kanya? Tapos ngayon ay yayakap-yakap?

"Akala ko, hindi ka na darating. Kasi palagi ka namang hindi sumisipot sa mga ganitong meeting, di ba?" anito sa malambing na tinig.

Sandaling hinawakan ni Alas ang balikat ng nobya at kinalas ito sa pagkakayakap. Nagkatitigan sila.

"Teka. Nagtatampo ka ba dahil dumating ako?" malambing at nakangiting turan niya.

Mahinang pinalo siya ni Jonah sa dibdib. Tumango lamang ang dalaga bilang sagot sa tanong.

"Bakit ka naman magtatampo, eh, dumating na nga ako?"

"Hindi ako nagtatampo dahil dumating ka. Iniisip ko lang na baka pati sa araw ng kasal natin, late ka rin, o kaya baka hindi ka na talaga dumating."

Malutong na tumawa si Alas. "Ano ka ba, sweet! Advance ka naman masyadong mag-isip. Hindi iyon mangyayari. Espesyal ang araw na iyon at walang makahahadlang sa atin. Pangako, hindi ako male-late o hindi makarating sa araw na iyon. Darating ako, that's a promise."

Hinaplos ng kakaibang damdamin ang puso ni Jonah dahil sa mga sinabi ng nobyo. Bilang tugon, niyakap niya ulit ito.

Matapos ang halos limang oras na biyahe, sa wakas ay narating ng magkasintahang Alas at Jonah ang probinsya ng binata.

Gusto kasi ni Alas na imbitahin nang personal ang kanyang mga kamag-anak lalung-lalo na si Lola Flora para sa kasal nila ng nobya. Si Lola Flora kasi ang nagpalaki sa kanya.

Sinalubong sila ng pamilya ni Alas ng masasayang ngiti at kumustahan.

Hawak ni Alas ang kamay ng nobya nang lumapit siya kay Lola Flora. Pagkatapos magmano, ipinakilala ni Alas ang dalaga. Nagmano rin si Jonah sa matanda.

Masaya ang araw na iyon. Kahit wala pa ang araw ng kasal, nauna nang nagpapiging ang abuela ni Alas para sa kanila. Imbitado ang buong baryo sa pagdiriwang na iyon.

Maraming dumating at bumati sa pareha. Ramdam ng dalawa na parang ikinasal na sila sa dami ng tao at pagkain.

"Iba talaga ang probinsya ninyo, 'no? Wagas ang handaan," masayang komento ni Jonah.

"Ganito talaga rito sa amin. Tradisyon na iyon. Alam mo kasi ang mga tao rito, nabuhay

sa mga pamahiin. Naniniwala kaming basta maraming pagkain, magiging sagana rin ang ikakasal," paliwanag ni Alas.

"Pamahiin?" wala sa loob na tanong ni Jonah.

"Oo, pamahiin. Superstitious beliefs."

"Nagpapaniwala pa pala kayo sa gan'on? Totoo ba 'yon?"

"Oo naman," sagot iyon mula sa kanilang likuran. Si Lola Flora ang nagsasalita.

Pagkatapos ng selebrasyon, nagtungo sila sa bayan kasama si Lola Flora. Mamimili sila ng mga kakailanganin sa loob ng magiging bahay nila.

Habang binabaybay ang mahabang kalsada, nakita ng matanda ang dumaang itim na pusa sa kanilang unahan. Tinapik nito ang apo na nagda-drive at inutos na bumalik na lang sila sa bahay. Masama raw ang ibig sabihin ng pusang itim na nagkrus sa dadaanan nila.

Walang nagawa si Alas kundi ang mag-U turn at magmaneho pabalik ng bahay.

Hindi lubos maisip ni Jonah kung bakit ganoon na lang kabilis maniwala ang kanyang nobyo sa mga walang basehang pamahiin. Kahit naiinis, hindi na lang niya ipinakita ang totoong nararamdaman.

Lumipas pa ang mga araw at mas nakilala

ni Jonah ang lola ni Alas. Marami itong ipinagbabawal. Marami ding mga pinagbiling ritwal para sa kanilang dalawa.

Weird pero kailangan niyang tanggapin iyon kasi mahal niya si Alas.

Nakahinga lamang nang maluwag si Jonah nang bumalik na sila sa Manila ng kanyang nobyo.

Mula nang makabalik si Alas sa Manila kasama ang kasintahan, palagi na lang siyang nakakakita ng itim na pusa sa daan.

Isang gabi nga, galing siya sa kanyang kaibigan. Hindi na siya nagdala pa ng sasakyan kasi walking distance lang naman iyon at may konting salo-salo roon. Nang matapos, nagpaalam siyang uuwi na kasi may pasok pa siya kinabukasan.

Habang naglalakad sa makipot na eskinita, may nakita siyang pusang itim na nagkrus sa kanyang daraanan.

Naalala niya agad ang sabi ng kanyang Lola Flora, na huwag siyang tumuloy kapag ganoon, kasi may mangyayaring hindi maganda.

Nalilito ang kanyang isipan kung susundin ba niya ang pamahiin ng lola, o tutuloy pa rin ba siya sa paglalakad? Alam niyang wala

namang ibang daanan pauwi sa unit niya kundi iyon lamang.

Nadaig siya ng kanyang kuryosidad. Gusto niyang patunayang hindi palaging tama ang pamahiin.

Kahit may konting kaba sa dibdib, nagpatuloy pa rin siya sa paglalakad.

Alerto rin naman siya kung sakali mang may mangyaring hindi maganda sa kanya.

"Tulong!" dinig niyang sigaw mula sa unahan.

Mabilis siyang nagtago sa likod ng malaking basurahan. Walang street light sa kanyang kinaroroonan kaya malayong may makakita sa kanya roon.

Sumilip siya sa maliit na siwang. Nakita niya ang isang lalaki na pinagtutulungan ng tatlong lalaki. Binubugbog nila ang biktima.

Lalabas sana si Alas sa pinagtataguan upang tulungan ang biktima nang makita niyang nag-ibang-anyo ang tatlong nambubugbog. Naging aso ang mga ito at nilapa ang nagmamakaawang lalaki.

Tila mga demonyo ang mga ito kung paano binalatan nang buhay ang lalaki at unti-unting inubos ang lamang-loob hanggang sa malagutan ng hininga.

Halos hindi siya makalunok ang laway dahil sa nasaksihan.

Nakita ng dalawang mata niya kung paano kainin ng tatlong aso ang buong katawan ng lalaki. Mga gutom ang mga ito sa laman! Hayok!

Hindi siya umalis sa kanyang kinaroroonan hangga't hindi nauubos ng tatlong aso ang buong katawan ng biktima. Nagtago siya roon hanggang sa nakaalis na ang mga ito. Natatakot siya na baka siya naman ang balingan ng mga halimaw.

Ngayon ay sising-sisi siya sa naging desisyon kanina.

*Tama nga si Lola Flora*, sabi niya sa isipan. Sa susunod, hindi na talaga siya tutuloy kapag may pusang itim.

Dahil sa pangyayaring iyon, kapag may pusa siyang nakikita sa daan, kahit pa hindi itim ay kusa na lang siyang bumabalik kahit importante pa ang pupuntahan.

Makalipas ang tatlong buwan, bisperas na ng kasal nina Alas at Jonah.

Pinili nilang magpakasal sa isang resort na malapit sa dagat. Malapit lang din iyon sa kanila.

Ginabi na si Alas galing sa kanyang unit kasi nakalimutan niyang dalhin kanina ang sapatos na susuutin sa kasal kinabukasan.

Mula sa resort, bumalik siya sa bahay upang kunin lamang iyon.

Madilim na ang paligid. May talahiban pa siyang dadaanan bago niya marating ang naturang beach resort.

Habang nagmamaneho, napansin niya ang itim na pusa na nakaharang sa daraanan. Lumiliwanag ang pulang mga mata nito na nakatutok sa kanya na para bang kakainin siya nito ng buhay.

Tumigil muna siya sandali sa pagmamaneho. Inatras niya ang sasakyan at bumalik sa unit. Sandali lang siya roon at bumalik ulit sa beach resort.

Sa gitna ng kalsada sa may talahiban, naroroon pa rin ang pusang itim. Pinaandar lang ni Alas ang makina ng sasakyan at bumaba habang dala ang baril na kinuha niya kanina.

Lumapit siya sa pusa. Ang pusa naman ay tila hindi natatakot. Hindi man lang ito tumakbo o nagtago sa talahiban. Parang nais pa nitong lumaban kay Alas.

Lumapit din ang pusa patungo sa kanya. Kaya naman hindi na siya nagdalawang-isip pang paputukan ito ng dalang baril.

Tinamaan ito sa tiyan. Natumba sandali sa lupa pero tumayo naman agad at pumasok sa talahiban.

"Akala mo, ha. Hindi mo mapipigilan ang kasal ko. Pusa ka lang!" nagmamalaking sambit ni Alas.

Sumakay siya ulit sa sasakyan at tumuloy na sa resort.

Pagdating doon, naabutan niyang may kaguluhang nagaganap. Nakita niyang umiiyak ang mama niya pati na ang mga kapatid at ang iba pang naroroon. Binayo agad ng takot ang kanyang dibdib. Dali-dali siyang bumaba sa sasakyan at nagtungo roon. Nakita niyang puno ng dugo si Jonah habang nakahiga sa kama.

"Ano'ng nangyari sa kanya?" Hindi na siya naghintay pa ng sagot, bagkus binuhat niya agad ang nobya at dinala sa sasakyan upang dalhin sa malapit na hospital.

Hindi natuloy ang kasal nina Alas at Jonah kinabukasan dahil sa insidenteng iyon.

At wala nang kasal na mangyayari dahil sa natuklasan ni Alas sa kanyang kasintahan.

Ayon sa imbestigasyon, ang bala ng baril na nakuha sa katawan ni Jonah ay parehas sa bala ng kanyang baril. Ibig sabihin, si Jonah ang itim na pusa sa talahiban.

Sinabi na lang ni Alas sa sarili, "Hinding-hindi ako magpapakasal sa isang aswang!"

# BANTA NG ENGKANTO

Kanina pa naririnig ni Estella na tila may sumisitsit sa kanya, hindi niya nga lang pinapansin. Patuloy lang siya sa pagkukusot ng nilalabhang damit.

Nasa ilog siya nang araw na iyon at mag-isang naglalaba. Kanina pagdating niya, marami siyang naabutang naglalaba rin ngunit nauna nang umuwi ang mga iyon kaya naiwan siyang mag-isa.

Hindi nakakatakot sa ilog na iyon. Konti lang naman ang mga punong-kahoy sa palibot at isa pa, tirik na tirik ang sikat ng araw.

"Psst. . ." Narinig niya ulit ang sitsit sa kanya subalit gaya kanina, hindi niya iyon

pinansin.

Batid niyang isa lamang ito sa mga manliligaw niya sa kanilang lugar, na nangungulit na naman sa kanya. Alam niyang titigil din ito kapag nagsawa, kaya dededmahin niya na lang.

Isa si Stella sa pinakamagagandang dilag sa kanilang lugar. Natural ang kanyang angking ganda at naturingan ding dalagang Pilipina dahil sa kahinhinan. Hindi siya katulad ng ibang babae sa lugar nila, na sila pa mismo ang humahabol sa mga lalaki.

Hindi pa handa si Stella na tumanggap ng mga manliligaw. Gayunpaman, marami pa rin ang nangangahas na pumunta sa bahay nila kahit hindi niya estimahin. Mailap talaga siya sa mga lalaki.

"Psst. . ." rinig niya ulit.

Dahil sa inis, tumayo na si Stella mula sa inuupuang malapad na bato at nilingon kung sinuman ang naninitsit sa kanya.

Sandali muna siyang nagmasid sa paligid, upang alamin kung saan ba nagtatago ang naninitsit. Ngunit wala siyang makitang tao saanman siya tumingin.

"Hoy, kung sino ka man, lumabas ka! 'Wag mo akong idaan sa pasitsit-sitsit mo, ha. Labas!"

Naghintay pa nang ilang minuto si Stella

ngunit walang lumabas. Torpe siguro ang loko.

“Duwag ka naman pala, eh! Kung hindi ka rin lang magpapakita sa akin, umalis ka na at ’wag ka nang bumalik pa. At para sabihin ko sa ’yo, wala kang mapapala sa akin,” litanya ni Stella. May halong inis na ang kanyang boses.

Pagkatapos sabihin iyon, bigla na lang dumapyo sa kanya ang malamig na hangin, na para bang may yumakap sa kanya bigla na hindi niya nakikita. Nagdulot iyon sa kanya ng kilabot kaya napayakap siya sa sarili.

Nangangatog ang mga tuhod na binalikan ni Stella ang kanyang nilalabhan at mabilis iyong tinapos at pagkatapos ay umuwi na siya.

Habang nagsasampay, bumalik sa isipan niya ang nangyari kanina. Habang kasi niyayakap niya ang sarili dahil sa lamig na hangin na dumampi sa balat, nasulyapan niya ang isang lalaki sa kanyang tagiliran. Sigurado siyang tao iyon ngunit nagkunwari siyang walang nakita. Dahil doon, isa lang ang pumasok sa kanyang isipan—baka iyon ang engkanto ng ilog, at ito rin siguro iyong naninitsit sa kanya.

“Stella!” tawag ng kanyang nanay. Dahil doon, nagising ang diwa niya at bumalik sa kasalukuyan.

“Po?”

“Bilisan mo na riyan sa pagsasampay at mananananghalian na tayo.”

“Opo, ’Nay.” Tinapos niya ang pagsasampay. Ngunit may pagtatakang nabuo sa kanyang isipan, parang kulang yata ang damit na kanyang nasampay. “Nasaan iyong damit kong kulay pula?”

Kinabukasan, bumalik ulit sa ilog si Stella upang maligo. Sa pagkakataong iyon, kasama na niya ang kanyang kaibigan na si Ramona.

Masaya silang nagtatampisaw sa mababaw na bahagi ng ilog nang matanaw ni Stella na may isang lalaking nakatingin sa kanila mula sa di-kalayuan.

Napatigil siya sa pagtatampisaw at mabilis na niyakap ang sarili upang tabunan ang humuhulma niyang dibdib sa basang damit.

Makipagtagisan siya ng titig sa lalaki. Akala niya matitinag iyon ngunit ngumiti at kumaway pa sa kanya.

Aminado siyang guwapo ang lalaki at ngayon lang niya ito nakita sa kanilang lugar. Lumapit pa ang lalaki sa kanila.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong nito.

“Bakit ba tinatanong mo, magkakilala ba tayo?” pabalang na sagot ni Stella.

Napangisi ang lalaki. “Kaya nga kita

tinatanong, eh, para magkakilala tayo."

Nagtataka naman si Ramona sa kaibigan kung bakit nagsasalita siyang mag-isa. Nakita niyang nakatingin ang kaibigan sa isang partikular na lugar na para bang may tao roon, at nakikipag-usap pa, ngunit wala naman siyang nakikitang iba.

"Stella, may kausap ka ba?" Hindi na nakatiis si Ramona kaya tinanong na siya.

Nabaling ang tingin ni Stella kay Ramona. "Oo, siya." Tinuro pa niya ang lalaki ngunit wala na iyon sa kinatatayuan nito kanina nang ibalik niya ang paningin dito.

Nagpalinga-linga si Stella sa paligid sa pag-asang naglakad-lakad lang ang lalaki, ngunit tuluyan na nga itong naglaho.

"Hindi mo ba siya nakita o narinig man lang? Ang guwapo niya at tinatanong niya ng pangalan ko." Kumikinang ang mga mata ni Stella habang sinasabi iyon sa kaibigan.

"Wala talaga akong nakita o narinig man lang. Dalawa lang tayo rito sa ilog mula pa kanina. Baka namamalik-mata ka lang," sagot ni Ramona. "Akala ko ba hindi ka nagpapaligaw?"

Ngumiti lang si Stella at hindi na pinilit na paniwalaan siya ng kaibigan. Tinapos na nila ang kanilang paliligo at umuwi na.

Maraming araw pa ang lumipas, palaging

nagpapakita kay Stella ang guwapong lalaki sa tuwing pupunta siya ng ilog. Nagtapat din ang binata ng pagmamahal sa kanya.

“Sinasagot na kita, Rafael. Ngunit kung maaari, ilihim muna natin ang ating relasyon sa ibang tao… lalung-lalo na sa aking pamilya,” kondisyon ni Stella.

“Talaga? Sinasagot mo na ako, Stella?! Oo, payag ako sa kondisyon mo,” napangiting sambit ng lalaki. Pabor iyon sa binata sapagkat wala namang ibang nakakikita rito kundi si Stella lamang.

Nalaman ni Stella na isang engkanto si Rafael dahil ipinagtapat iyon sa kanya ng kasintahan. Ang binata rin pala ang nagnakaw ng kanyang pulang damit noon at iyong sumisitsit sa kanya.

Isang araw habang nag-uusap ang magkasintahan, nabigla si Stella sa sinabi sa kanya ni Rafael.

“Mahal na mahal kita, Stella. Gusto ko sanang magsama na tayo kaya sumama ka na sa ’kin sa aming kaharian,” pakiusap nito.

“Ayaw ko, Rafael,” sagot niya kahit labag iyon sa kanyang damdamin. Kasi ang totoo, gustung-gusto na niyang sumama sa kasintahan ngunit may kailangan pa siyang tapusin bago siya umalis.

“Kapag hindi ka sumama sa akin, isa-isang

mamamatay ang pamilya mo. May mawawala sa 'yo sa bawat araw."

Tumayo si Stella at tumigas ang expresyon sa mukha. "'Wag mong gagawin iyan sa pamilya ko. Huwag mo 'kong piliting sumama sa 'yo!"

Tumalikod na si Stella at tumakbo palayo.

Kinabukasan ay tinotoo nga ng engkanto ang sinabi nito kay Stella. Ang una nitong pinatay ay ang stepfather ng dalaga.

Nang araw na iyon ay nangaso ang amain ni Stella na si Eskaban sa kagubatan, ngunit nahulog ito sa patibong na para sa baboy-ramo. Ang patibong na iyon ay isang butas sa lupa na tinabunan lang ng mga patay na dahon. May nakatulos na matutulis na kawayan sa malaking butas upang kung sakaling mahulog doon ang baboy-ramo ay siguradong matutuhog ito. Ngunit sa kasamaang-palad, si Eskaban ang nahulog at natusok doon. Sa pagkakatuhog nito, parang natulad ito sa isang baboy na lilitsunin.

Nang marinig ni Stella ang pagkawala ng kanyang stepfather, mabilis siyang tumakbo patungo sa ilog.

"Rafael, tumigil ka na! Wala kang mapapala sa akin! Hinding-hindi ako sasama sa 'yo kahit kailan kaya tigilan mo na ang pagpatay sa pamilya ko!"

May ibang tao roon nang sabihin iyon ni Stella. At iyon naman talaga ang plano niya, na may makarinig sa sinabi niya.

Ngunit kinabukasan, ang stepbrother naman niya ang nalagutan ng hininga. Natagpuan na lang ang lumobo nitong katawan na palutang-lutang sa ilog. Magaling lumangoy ang binata kaya marami ang nagtaka kung bakit nalunod ito.

Hindi pa nga naililibing si Eskaban ay ang anak naman nito ang sumunod.

Kinakabahan na ang nanay ni Stella na baka ito na ang sumunod.

Usap-usapan kasi ng mga tsismosa nilang kapitbahay na sinumpa raw ng engkanto ng ilog ang pamilya nila. Ang dahilan ay ang hindi pagsama si Stella rito. Nangyari na rin daw kasi ito noon sa isang pamilya sa lugar din nila.

Hindi nga nagkamali ang nanay ni Stella at ito na nga ang sumunod kinabukasan. Namatay ang ginang dahil nahulugan ng niyog sa ulo. Wasak ang bungo nito at lumabas pa ang utak.

Hindi na pinatagal ni Stella ang pagbuburol sa tatlo, pinalibing niya agad ang mga labi.

Habang nasa sasakyan papuntang sementeryo, nananariwa sa isip ni Stella ang mga ginawa ng tatlo sa kanya, na matagal na

niyang kinikimkim sa kanyang dibdib.

Isang maulang gabi noon nang pasukin siya ng kanyang stepfather sa kuwarto. Gusto niyang sumigaw at humingi ng tulong sa kanyang nanay at stepbrother, ngunit mabilis siya nitong sinuntok sa puson dahilan para mawalan siya ng malay.

Nagtagumpay ang stepfather niya na pagsamantalahan siya. Hindi lang isang beses iyon nangyari kundi paulit-ulit hanggang sa nagsawa na siyang lumaban pa.

Sinabi niya sa sarili noon na bago niya lisanin ang lugar nila, kailangan niya munang ipatikim ang kanyang ganti sa mga ito.

Kaya nga, nang yayain na siya ni Rafael na sumama na sa kaharian nito, gustung-gusto na nga niyang sumama dahil hindi pa siya nakakapaghiganti.

Sumama siya sa kanyang stepfather sa pangangaso nito sa kagubatan at nakatiyempo siya na itulak ito sa patibong na para sa baboy-ramo. Nakita niya nang mahulog at matusok ng kawayan si Eskaban.

Ang kanyang stepbrother naman na lasinggero ay ginahasa rin siya nang paulit-ulit noon doon sa ilog.

Kaya nga nang malasing ito, niyaya niya ito sa ilog at nilunod doon hanggang sa mamatay.

Ang nanay niya naman ay walang pakialam

sa kanya. Sinabi niya rito noon ang lahat ng pinaggagawa ng stepfather at stepbrother niya sa kanya, ngunit mas pinaniwalaan pa nito ang dalawa kaysa sa kanya.

Kaya naman isang gabi, habang umiihi ito sa likod ng kanilang bahay, kumuha ng tubo si Stella at pinalo nang pinalo ang ulo nito hanggang sa mabasag ang bungo nito.

Si Stella ang pumatay sa tatlo. Hindi niya kasi gustong maunahan pa siya ni Rafael. Gusto niyang sa mga kamay niya mamatay ang mga ito.

Paniwalang-paniwala ang mga kapitbahay nila na engkanto ang may kagagawan ng lahat ng iyon.

Pagdating sa sementeryo agad na inilibing ang mga labi.

Sa harap ng puntod, hindi man lang tumulo kahit minsan ang mga luha ni Stella.

“Paalam sa inyo, mga hayop kong pamilya. Sa wakas, nakapaghiganti na rin ako sa inyo.”

# ANG MGA PAKO NI JUDAS

Siyam na taon nang panata ni Mang Kiko ang pagpapapako sa krus tuwing Mahal na Araw. Para sa kanya, mas lumalakas ang katawan niya sa tuwing gagawin niya iyon. Pakiramdam niya ay may kung anong kapangyarihang sumasanib sa kanya.

Mula nang mapili siya bilang isa sa tatlong ipapako, hindi na siya nagkaroon pa ng kahit anong sakit. Ayon sa kanya, biyaya ang pagkakapili sa kanya. Mabuti na lang at hindi siya tumanggi noon.

Sinabi niya noon sa kanyang pamilya, dalawang beses niya lang itong susubukan. Pumayag naman ang mga kapamilya niya sa

binitiwan niyang salita.

Ngunit nang dumating ang ikatlong taon, kung kailan titigil na sana si Mang Kiko sa pagpapapako sa krus, bigla siyang nanaginip na sinusundan daw siya ni Kamatayan. Kaya naman, payag man o hindi ang pamilya, ipinagpatuloy niya ang panata. Pero sinabi niyang hanggang sampung taon lang ang kaya niya dahil tumatanda na rin siya.

Ayaw man ng kanyang asawa at mga anak, napilitan silang pumayag sa desisyon ng haligi ng tahanan.

May kapayatan ang katawan ni Mang Kiko. Mahaba ang buhok na medyo kulot na bumagay naman sa tauhan na kanyang gagampanan na si Hesus.

Sa siyam na taong pagganap bilang Hesus na ipinapako sa krus, hindi na nagpaputol pa ng buhok ang lalaki. Pinupusod na lamang niya ito upang hindi sagabal sa kanyang trabaho bilang panday.

Sa bawat taon na ipinapako ang kanyang mga kamay, tila sanay na siya sa sakit. Sa totoo lang, hinahanap-hanap pa ng kanyang sistema ang ganitong sakit taun-taon.

“Hindi ka ba natatakot sa ginagawa mo, pare?” tanong ng kanyang kaibigang si Pedring.

“Hindi naman, pare. Pero ang pamilya ko

ang natatakot para sa akin. Pero s'abi ko sa kanila, kung oras ko na, oras ko na talaga."

"Ang tapang mo naman, pare. Hindi ba masakit na bawat taon, iyang butas ng palad mo ay binubutas ulit?"

"Hindi naman. Parang normal na lang ang sakit, pare. Hindi na kasi bago sa akin ang bagay na 'yan. O siya, mauuna na ako. Mayamaya lang ay magsisimula na ang prusisyon. Ikaw na muna ang bahala rito sa pandayan, ha?"

"Sige, pare. Mag-iingat ka."

Umalis na nga si Mang Kiko. Ito na ang huli niyang pagpapapako sa krus, ang kanyang ikasampu.

Eksaktong ala-una ng hapon sinimulan ang pagpapahirap kay Mang Kiko. Hinahampas siya ng latigo sa likuran. Humuhulma ito at bumabaon pa. Puno na ng dugo ang likuran niya habang buhat sa balikat ang mabigat na krus.

Sumusunod naman sa kanya ang dalawa pang ipapako rin sa krus na gumaganap bilang ang mga magnanakaw.

At nasa prusisyon din ang mga lalaking nakatakip ng itim na tela ang mga mukha at naghahampas sa kani-kanilang mga sariling likuran. Kahit duguan na ang mga ito, patuloy lang sila sa pagpepenitensya.

Sa tabi ng daanan, maraming nanonood at ang iba ay may hawak na camera at cellphone upang makunan ng larawan at video ang palabas na iyon.

Walang pakialam si Mang Kiko sa mga nanonood sa pagpapahirap sa kanya. Ito na ang kanyang huling pagpapapako sa krus. Kaya gagawin niya itong makatotohanan.

Kung dati ay mahina lang ang paghahampas ng latigo sa likuran niya, ngayon ay siya na mismo ang nag-utos sa humahampas na lakasan iyon. At gayon nga ang nakikita ng mga tao. Kahit hirap na hirap na si Mang Kiko, tinitiis lang niya.

Nang dumating na sila sa bundok kalbaryo, isa-isang ipinako sa krus ang tatlo. Una ang dalawang gumanap na magnanakaw bago si Mang Kiko bilang Hesus.

Naramdaman ni Mang Kiko na biglang uminit ang kanyang kamay habang ibinabaon sa mga palad ang pako na ibinabad sa alcohol.

Kakaiba ang kanyang sigaw ngayon. Sa bawat pagpalo ng maso sa pako ay unti-unting nawawala ang kanyang lakas. Ngayon niya lang ito naranasan sa loob ng sampung taon.

Nang maipako na ang dalawa niyang kamay, pinagtulung-tulungan ng mga gumaganap na sinturyon na itayo ang kanyang krus.

Nakita ng mga tao ang kalunos-lunos na sitwasyon ni Mang Kiko. Humahalo ang pawis sa dugo; ang buong katawan niya ay punong-puno ng sugat at latay. At umaagas din ang masaganang dugo mula sa kanyang mga palad.

Akala ng mga tao kasama pa iyon sa palabas. Ngunit ang totoo, kinakabahan na si Mang Kiko sa hindi normal na pagdaloy ng dugo mula sa kanyang palad. Sa sampung taon, ngayon lang ito nangyari sa kanya. Palagay niya ay hindi na ito normal. Baka maubusan na siya ng dugo!

Kailangan niya pang maghintay ng dalawang oras bago bumaba sa krus. Kailangan kasing hintayin ang alas tres ng hapon.

Hindi na tumigil sa pag-agas ang dugo ni Mang Kiko na nagmumula sa kanyang palad. Lalo pang itong sumagana.

Unti-unti na niyang nararamdaman ang kakapusan sa paghinga.

Ilang minuto lang ang lumipas ay bigla na lang siyang nagsuka ng maraming dugo. Nagpatuloy ito. Walang humpay.

Naramdaman niya ring pati ang ilong at mga mata niya ay nagdurugo na rin.

May nangyayaring hindi maganda sa kanya. Gusto niyang humingi ng tulong at

bumaba, ngunit hindi siya makapagsalita dahil patuloy siyang sumusuka ng pulang likido.

Lumipas pa ang halos sampung minuto, unti-unting naging buto't balat ang payat na katawan ni Mang Kiko.

Naalarma ang lahat kaya naman, ibinaba na nila ang katawan niya sa krus at agad siyang isinugod sa malapit na ospital. Sa kasamaang-palad, hindi na siya umabot pa roon. Namatay na siya sa daan pa lang.

Isang malaking misteryo ang nangyari kay Mang Kiko. Hindi pa rin nila mabigyan ng sagot kung ano ba talaga ang totoong nangyari.

Pinarusahan ang mga taong may pakana ng programang iyon. Mula noon, ipinagbawal na ng kanilang mayor ang pagpapapako sa krus kapag Mahal na Araw.

Lingid sa kaalaman ng lahat, si Mang Judas ang salarin. Kapatid siya ni Mang Kiko.

Pinalitan niya ang pako na gagamitin at ibinabad iyon sa lason imbis na sa alcohol, upang patayin ang kanyang kapatid.

"Sa wakas, masosolo ko na rin ang kita ng pandayan," bulong ni Mang Judas habang nakatayo sa harap ng puntod ng kapatid.